Bakuna sa COVID-19

Bakit ako dapat magpabakuna?

Mapoprotektahan ka ng bakuna mula sa pagkakasakit ng COVID-19. Maaaring magkasakit nang napakalubha ang ilang tao mula sa COVID-19, at mangailangan ng pangangalaga sa ospital.

Paano gumagana ang bakuna?

Sinasabi ng bakuna sa ating katawan na gumawa ng mga antibody. Poprotektahan tayo ng mga antibody sa pagkakasakit kung sakaling malantad tayo sa COVID-19. Hindi nagtataglay ng virus ang bakuna, kaya hindi ka magkakaroon ng COVID-19 kapag tumanggap ng bakuna.

Ligtas ba ang bakuna?

Oo, nasubok na ang bakuna para sa kaligtasan, at inaprobahan ang paggamit nito ng Health Canada. Ligtas ang bakuna para sa mga taong may diabetes, mataas na presyon ng dugo, sakit sa puso at hika.

Mayroon akong mga allergy. Maaari ba akong tumanggap ng bakuna?

Hindi naglalaman ang bakuna ng mga itlog, gelatin, pangpreserba o antibayotiko. Rerepasuhin ng nars ang mga sangkap ng bakuna sa iyo para siguraduhing ligtas ito para sa iyo bago ka mabakunahan.

Nagkaroon na ako ng COVID-19. Kailangan ko pa bang magpabakuna?

Oo. Maaaring hindi masyadong matagal ang iyong imyunidad sa COVID-19. Posibleng magkaroon ulit ng COVID-19. Mas mabuting mabakunahan para manatiling protektado.

Mayroon bang mga side effect?

Ang bakuna ay maaaring magdulot ng pananakit o pamumula sa lugar na iniiniksyunan, pananakit ng ulo, lagnat, at pananakit ng mga kalamnan. Mawawala ang karamihan ng mga side effect sa loob ng ilang araw. Susubaybayan ka ng nars para sa anumang reaksyon pagkatapos kang mabakunahan.

Mayroong mga tanong? Tawagan kami sa 416-338-7600.